Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyong Administratibo
TANGGAPAN NG SANGAY NG MGA PAARALAN NG BENGUET
Wangal, La Trinidad, Benguet
Telefax: (074) 422-6570; (074)422-7501

Abril 11, 2017

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECEIVED
APR 17 2017
Benguet Division

## PANDIBISYONG MEMORANDUM

Bilang 072, s. 2017

**PARA SA:** Punong Tagamasid ng CID
Tagamasid sa Filipino at iba pang kaugnay na Asignatura
Mga Tagamasid Pampurok
Mga Namumuno ng mga Paaralang Pampubliko sa Elementarya at Sekundarya
Mga Kinauukulang Guro

**MULA KAY:** **FEDERICO P. MARTIN,Ed.D.,CESO VI**
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

**PAKSA:** **PAKIKILAHOK SA PAMBANSANG SEMINAR SA USWAG DANGAL: 2017 SA MAYO 4-6, 2017**

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) sa pagtataguyod ng BSU-Sentro ng Wika at Kultura-Cordillera (SWAK-CAR) sa pakikipagtulungan ng Cordillera SMART'S OFFICE ay magsasagawa ng isang pambansang seminar sa **USWAG DANGAL: 2017** sa BSU-CTE Function Hall sa Mayo 4-6, 2017.
2. Ang nasabing seminar ay magbibigay-diin sa tatlong mahahalagang paksa: **Ortograpiyang Pambansa, Masinop at Mabisang Pagsulat** at **Korespondensiya Opisyal**.
3. Batay sa liham paanyaya ng SWAK-CAR, layunin ng tatlong araw na pambansang seminar na mapaunlad ang kasanayan ng mga guro sa gramatikang Filipino at sa pagbubuo ng sulat komunikasyon gamit ang wikang Filipino; mabigyang-patnubay ang mga guro sa mga kaparaaanan ng mahusay at epektibong pagsulat at sa pagbubuo ng kaisipan sa pormal o di pormal na transaksiyon; at masagot ang anumang agam-agam ng mga guro sa kanilang kasalatan sa usaping estruktural ng wikang Filipino.
4. Bilang pagkilala sa kahalagahan ng nabanggit na aktibidad na gaganapin mismo sa BSU, hinihikayat ang pakikilahok ng mga paaralan at mga kinatawan ng tanggapan ng Sangay ng Benguet upang makiisa at aktibong makilahok sa gawaing ito. Maaaring ikumpirma ang partisipasyon kay G. Macarthy B. Malanes, Tagamasid sa Filipino, sa numerong 09291836213 o sa email na macmacmalanes43@gmail.com para sa mas maaagang pakikipag-ugnayan sa tanggapan ng SWAK-CAR.
5. Magkakaroon ng bayad rehistrasyon na nagkakahalaga ng P1, 800.00 bawat delegado para sa tatlong pananghalian, anim na meryenda, kits, aklat ng Masinop na Pagsulat, sertipiko at kopya ng lektura.
6. Ang bayad sa rehistrasyon at iba pang gastusin kaugnay ng pakikilahok sa seminar na ito ay maaaring magmula sa pondong lokal o pondo ng paaralan sa kondisyong ito ay tatalima sa mga patakaran at alituntunin ng pag-oodit.
7. Ang mga gurong dadalo sa seminar ay maaaring mapagkalooban ng *Service Credits* bunga ng kanilang aktibong pakikilahok sa panahon ng bakasyon alinsunod sa mga alituntuning kaugnay nito.
8. Hinihiling ang malawakan at dagliang pagpapalaganap sa memorandum na ito.